**LESSON 10 : ANG PAGDIDISIPULO**

**PAGSAMBA AT PANALANGIN:**

Umawit ng 1-2 papuring awit at ipanalangin ang kapayapaan sa bansa, ang paglaganap ng ebanghelyo, paglukob ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at katagumpayan ng discipleship meeting.

**PANIMULA:**

**Mga Tanong:**

1. Ano ang pinakamabigat na ekwentro mo sa pag-eebanghelyo?

2. Kamusta ang devotional life mo? Nakakapag devo ka ba ng regular?

3. Ano sa palagay mo ang matinding hadlang sa pagdi-disipulo?

4. Bakit mahalaga ang makibahagi sa discipleship?

Magtalaga ng magbibigay ng Memory Verse.

**TALAKAYAN:**

Basahin at pag-aralan ang mga sumusunod na talata.

**1. Mateo 28:19-20**

Kaya't habang kayo'y humahayo, gawin ninyong alagad ko ang mga tao sa lahat ng bansa. Bautismuhan ninyo sila sa pangalan ng Ama, at ng Anak, at ng Espiritu Santo. Turuan ninyo silang sumunod sa lahat ng iniutos ko sa inyo. Tandaan ninyo, ako'y laging kasama ninyo hanggang sa kata-pusan ng panahon.

**2. Lukas 6:40**

Walang alagad na nakakahigit sa kanyang guro, ngunit matapos maturuang lubos, ang alagad ay makakatulad ng kanyang guro.

**3. Lukas 6:26-27**

Hindi maaaring maging alagad ko ang sinu-mang umiibig sa kanyang ama at ina, asawa at mga anak, mga kapatid, at maging sa sarili niyang buhay nang higit sa akin. Ang ayaw magpasan ng sarili niyang krus at sumunod sa akin ay hindi maaaring maging alagad ko.

**4. Lukas 14:33**

Gayundin naman, hindi maaaring maging alagad ko ang sinuman kung hindi niya tatalikuran ang lahat sa kanyang buhay.

**5. Juan 8:31-32**

Sinabi naman ni Jesus sa mga Judiong nanini-wala sa kanya, "Kung tinutupad ninyo ang aking aral, kayo nga'y tunay na mga alagad ko; maki-kilala ninyo ang katotohanan, at ang katotohanan ang magpapalaya sa inyo."

**6. Mateo 10:1**

Tinipon ni Jesus ang labindalawang alagad at binigyan sila ng kapangyarihang magpalayas ng masasamang espiritu at magpagaling ng mga may karamdaman.

**7. Lukas 10:19-20**

Binigyan ko kayo ng kapangyarihang tapakan ang mga ahas at mga alakdan, at ang lahat ng kapangyarihan ng kaaway; at walang makakapanakit sa inyo. Ngunit magalak kayo, hindi dahil sa napa-pasuko ninyo ang masasamang espiritu, kundi dahil sa nakatala sa langit ang inyong mga pangalan.

**8. 2 Timoteo 2:2**

Ang mga narinig mo sa akin sa harap ng maraming saksi ay ituro mo rin sa mga taong mapag-kakatiwalaan at may kakayahang magturo naman sa iba.

**MGA PUNTOS NA DAPAT TANDAAN:**

1. Ang discipleship ay utos ng Panginoong Hesukristo at ito ay dapat sundin at hindi tama na ipagwalang bahala.

2. Ang pagiging disipulo at lubos na pagsusuko at pagtatalaga ng buhay kay Hesus.

3. Ang pagiging disipulo ay pagiging estudyante ng Panginoong Hesus sa tulong ng mga lider ng sim-bahan. Bilang estudyante ng Panginoon ay dapat nagsusumikap tayo na matuto at sundin lahat ng kanyang aral.

4. Ang tunay na disipulo ni Hesus ay nagpapatuloy sa kanyang mga aral, at ang kanyang mga aral ang nagtuturo ng katotohanan na nagpapalaya sa tali ng kasinungalingan ni satanas.

5. Ang mga disipulo ni Hesus ay binibigyan niya ng kapangyarihan na mangaral, magpagaling, at mag-palayas ng demonio.

6. Ang isang disipulo ay inaasahan na magtuturo din sa ibang disipulo na may kapasidad na magtuturo din sa iba.

7. Ang discipleship ay pagtutuwid ng buhay at pag giya sa mga disciples sa tamang buhay kristiyano.

8. Ang mahusay na discipler ay gumagawa ng mahusay na disciples..

**TAKDANG ARALIN:**

a. Isulat ang 5-10 pangalan ng mga taong mahalaga sa iyo nan ais mong bahaginan ng discipleship lessons. Siguraduhin na mayroon ng 3 o higit pa na sisimulan mong turuan ng mga lessons sa darating na lingo. Huwag kang papayag sa sarili mo na wala kang masisimulan na maturuan.
    1.
    2.
    3.
    4.
    5.
b. Ipanalangin araw-araw ang mga pangalan na isinulat mo.
c. Magbahagi ng mensahe ng kaligtasan sa 3 tao at magpamigay ng 20-30 Gospel tracts. (siguraduhing nakalagay ang iyong pangalan o ng simbahan at contact number sa likod ng gospel tract)
d. Pag-aralan ang susunod na lesson para sa susunod na pagkikita.

**MEMORY VERSE:** Mateo 28:19-20/2 Timoteo 2:2

**CATCH THE VISION:**

Bakit kailangan nating ipahayag ang Salita ng Diyos sa iba? (Basahin ang 1 Tesalonica 5:1-11)

**MANALANGIN PARA SA BAWAT ISANG KASAMA SA GRUPO**

1. Para sa pananampalataya na magpatuloy at hindi tumalikod.
2. Para sa kapayapaan ng isip.
3. Para sa paglagong espirituwal sa buhay Kristiyano.
4. Para sa lakas ng loob at kapangyarihan ng Banal na Espiritu na magbahagi ng leksiyon na ito sa iba at magdisipulo ng ibang mananampalataya.
5. Para sa kagalingan ng mga sakit.
6. Para sa financial blessing.
7. Para sa pastor at sa kanyang pamilya.
8. Para sa iba pang pangangailangan.